

Sa Likod ng mga Salita: Paano Hinuhubog ng Wikang Filipino ang Ating Pagtingin sa Sarili at Lipunan

Lorena B. Tiana

*Zamboanga Peninsula Polytechnic State University,
R.T. Lim Boulevard, Baliwasan Zamboanga City 7000
Corresponding email: lorenabawi344@gmail.com*

May mga salitang karaniwan nating ginagamit ngunit bihira nating pag-isipan kung ano ang ipinahihiwatig ng mga ito tungkol sa atin. Kapag nagsasalita tayo, hindi lamang tayo nagpapadala ng mensahe. Ipinakikita rin natin kung sino tayo, saan tayo nagmula, kanino tayo nakaugnay, at kung paano natin nakikita ang mundo.

Sa Pilipinas, nagiging mas mahalaga ang ganitong usapin dahil hindi iisa ang wikang ginagamit ng mga Pilipino. May Filipino, English, at napakaraming katutubong wika na patuloy na ginagamit sa iba't ibang komunidad. Sa ganitong kalagayan, ang pagpili ng wika ay maaaring maging bahagi ng pagbuo at pagpapakita ng identidad.

Hindi nangangahulugan na ang isang tao ay may iisang identidad dahil lamang sa wikang ginagamit niya. Sa katunayan, ipinakita ni de Jong (2023) na hindi maaaring awtomatikong ipantay ang language proficiency o language use sa identity. Ang identidad ng isang multilingual na tao ay mas kumplikado kaysa sa simpleng pagtukoy kung ano ang kaniyang “mother tongue.”

Gayunman, hindi maikakaila na may social meanings ang wika. Sa Pilipinas, maaaring iugnay ng isang tao ang Filipino sa pagiging malapit sa kapwa Pilipino, habang ang English naman ay maaaring maiugnay sa edukasyon, propesyon, o global opportunities. Ipinakita ni Velasco (2025) na ang language ideologies ng mga guro sa Pilipinas ay nagpapakita ng ganitong tensiyon: mahalaga ang mga lokal na wika para sa identidad at kultura, ngunit mataas din ang pagpapahalaga sa English dahil sa mga oportunidad na nauugnay rito.

Dito natin makikita na ang wika ay hindi neutral. May mga wikang binibigyan ng mas mataas na prestihiyo kaysa sa iba. Kapag palaging sinasabing mas “propesional” ang isang wika o mas “matalino” pakinggan ang isang paraan ng pagsasalita, maaaring magkaroon ito ng epekto sa paraan ng pagtingin ng tao sa kaniyang sarili.

Makikita rin ito sa loob ng silid-aralan. Sa pag-aaral ni Osborne (2020), ipinakita na ang paggamit ng Ilocano, Filipino, at English sa isang provincial Philippine classroom ay hindi lamang simpleng pagpapalit ng wika. Ang code-switching ay maaari ring gamitin upang ipahayag at buuin ang ethnolinguistic identity ng mga guro at mag-aaral. Sa isang sandali, maaaring gamitin ang Filipino o English para sa pormal na gawain; sa ibang pagkakataon, maaaring lumitaw ang katutubong wika upang lumikha ng pagiging malapit, pakikipagkapwa, o lokal na pagkakakilanlan.

Mahalaga ring tingnan ang kasaysayan sa likod ng ating mga language attitudes. Ayon kay Bernardo (2004), ang mataas na katayuan ng English sa Philippine education ay may kaugnayan sa mahaba nitong kasaysayan bilang wika ng edukasyon. Dahil dito, hindi nakapagtata kang may mga Pilipinong naniniwalang mas malaki ang oportunidad ng isang taong mahusay sa English.

Mahalaga rito ang Filipino. Bilang pambansang wika, maaari itong magsilbing espasyo kung saan nagkikita ang iba't ibang karanasan ng mga Pilipino. Ngunit hindi dapat maging dahilan ang Filipino upang burahin ang ibang wika. Sa halip, dapat nitong kilalanin at pakinggan ang mga katutubong wikang bumubuo sa mas malawak na karanasang Pilipino.

Ipinakita rin ni Gonzales (2021), sa kaniyang pag-aaral tungkol sa Lannang community sa Pilipinas, na maaaring gamitin ng isang multilingual community ang iba't ibang wika upang ipahayag ang magkakaibang bahagi ng identidad depende sa sitwasyon. Ang pagiging Filipino, pagiging Chinese, o pagiging pareho ay maaaring maipahayag sa pamamagitan ng iba't ibang linguistic resources.

Dahil dito, kailangang maging maingat tayo sa paghusga sa paraan ng pagsasalita ng iba. Sa likod ng isang salita ay maaaring may kasaysayan. Sa likod ng isang accent ay maaaring may komunidad. At sa likod ng isang wikang ginagamit ay maaaring may identidad na pilit pinangangalagaan.

Sa huli, ang Filipino ay hindi lamang wika ng pakikipag-usap. Maaari itong maging salamin kung paano natin nakikita ang ating sarili at tulay kung paano natin nauunawaan ang iba. Ngunit ang tunay na lakas ng wika ay hindi nakasalalay sa kakayahan nitong gawing pare-pareho ang mga Pilipino. Nasa kakayahan nitong bigyan ng espasyo ang iba't ibang tinig. Sapagkat sa likod ng mga salita ay may mga taong nagsasalita. At kapag natuto tayong pakinggan ang kanilang mga salita nang walang panghuhusga, mas natututo rin tayong kilalanin ang kanilang pagkatao.

References

- Bernardo, A. I. (2004). McKinley's questionable bequest: Over 100 years of English in Philippine education. *World Englishes*, 23(1), 17–31. <https://doi.org/10.1111/j.1467-971X.2004.00332.x>
- de Jong, E. (2023). The multilingual profile and its impact on identity: Approaching the difference between multilingualism and multilingual identity or linguistic identity. *Ampersand*, 10, 100123. <https://doi.org/10.1016/j.amper.2023.100123>
- Gonzales, W. D. W. (2021). Filipino, Chinese, neither, or both? The Lannang identity and its relationship with language. *Language & Communication*, 77, 5–16. <https://doi.org/10.1016/j.langcom.2020.11.002>
- Osborne, D. (2020). Codeswitching practices from “other tongues” to the “mother tongue” in the provincial Philippine classroom. *Linguistics and Education*, 55, 100780. <https://doi.org/10.1016/j.linged.2019.100780>
- Velasco, Y. P. (2025). The interplay between language ideologies and Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTBMLE) policy implementation in the Philippines. *The Asia-Pacific Education Researcher*, 34, 765–775. <https://doi.org/10.1007/s40299-024-00894-7>

ARTICLE DETAILS

PG-0000024; Received: April 5, 2026; Accepted: April 7, 2026; Published: April 9, 2026

CITATION:

Tiana, Lorena B. (2026). *Sa Likod ng mga Salita: Paano Hinuhubog ng Wikang Filipino ang Ating Pagtingin sa Sarili at Lipunan*. *Pinas Gazette: Essay, Stories, and Poetry*. DOI: 10.64591/t5r3xp64

COPYRIGHT

Copyright © 2026 by author(s). *Pinas Gazette: Essay, Stories, and Poetry* is published by Harness Mind Publishing. This is an Open Access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution License (<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>), allowing redistribution and reproduction in any format or medium, provided the original work is cited or recognized.